Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 36 11/20/2024 8:05:47 AM



at manunulat. Binanggit niya rin na minsan, ang mga naisulat na kuwentong-bayan noon, ay nakapagbibigay-boses sa mga mahihirap at nasa laylayan ng lipunan.

Sa pagsasalaysay muli, marami akong isasaalang-alang sa paglalahad ng kuwentong-bayan at mitolohiya nang walang tinatapakang kultura. May respeto sa mga materyal na gagamitin at titiyakin na may cultural appropriation sa lahat ng banda.

Magiging gabay rin sa pagsusulat ng akdang ito ang mga aral mula sa mga klase sa Masterclass nina R.L. Stine at Judy Blume. Ayon sa Masterclass ni R.L. Stine, mahalagang magsulat ng isang akda na masayang basahin. Ito ang pinakamagandang bahagi ng isang kuwento. Kailangang may nakakatuwang bagay na nangyayari sa kuwento. Binanggit niya rin na kailangang may cliffhangers sa bawat katapusan ng kabanata upang may abangan ang mga mambabasa sa bawat pahina ng kuwento. Mahalaga rin daw na idirekta ang mambabasa sa iba't ibang posibleng katapusan ng kuwento. Mahalaga rin na maging isang surpresa ang katapusan. Hindi rin dapat kalimutang isaalang-alang ang edad ng mga tauhan sa kuwento at ang mga edad ng mambabasa. Kailangang alamin kung ano ang danas nila upang mailarawan sa kuwento.

May pagkakatulad ang mga aral sa Masterclasss nina R.L. Stine at Judy Blume. Pareho nilang sinabi na kailangang bigyan ng maraming problema ang tauhan. Kailangan nilang humarap sa iba't ibang pagsubok. Pareho rin nilang sinabi na kailangang isaalang-alang ang mga salitang gagamitin na may kaugnayan sa teknolohiya. Ang mga teknolohiyang babanggitin ay maaaring makapagpatanda sa kuwento. Maaaring maluma rin ang kuwento kasabay sa mga teknolohiyang gagamitin.

## F. Ang Balangkas ng Nobela

Si Iska o Francesca Dipasupil ay labing-anim na taong gulang na katatapos lamang sa ika-sampung baitang sa isang parochial school sa Antipolo. Kasama niya si Mommy Jo, Tiya Oyang, Tita Ela, at Lola Da sa bahay.

Matapos ang graduation at birthday ni Iska, maraming nagbago sa paligid niya. Nakipaghiwalay si Joshua, nawala ang kampana, at nagkaroon ng hindi inaasahang bagyo. Higit sa lahat, nagulat siya nang isang araw ay umuwi ang pamilya na tumanda nang ilang ulit. Hindi na niya makilala ang pamilya dahil sa kulubot na balat nila at manipis na katawan.

Ipinaliwanag ni Mommy Jo kay Iska kung sino siya. Sa tulong ng kuwintas na may palawit na araw, buwan, at bituin, nalaman ni Iska ang kaniyang misyon.

Sa Hiraya, makikilala ni Iska si Anagolay, ang diyosa ng mga nawawala. Nalaman nila na ang kampana ay ninakaw ni Hukluban at itinago sa Huklob.

Bilang mortal, hindi mauunawaan sa simula ni Iska ang bigat ng kaniyang responsibilidad.

Sa paglalakbay, makakasama ni Iska si Kiko, ang kaibigan niyang nuno. Makakasama niya ito sa pagharap sa iba't ibang pagsubok. Sa tulong ni Apolaki, ang diyos ng mga mandirigma, magsasanay si Iska upang hasain pa ang kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagharap sa iba't ibang pagsubok. Dito mahahasa ang kaniyang pisikal, mental, at emosyonal na abilidad.

Unang pagsubok: Kailangang malaman ni Iska ang halamang gamot sa harap niya na walang lason. Ang halamang gamot na ito ay nilikha ng kaniyang Lola Da na panlaban sa masasamang nilalang.

Pangalawang pagsubok: Kailangan ni Iska na patunayan ang kaniyang pisikal na lakas sa pamamagitan ng pag-akyat sa Antipolo. Kailangan niyang piliting akyatin ang burol gamit ang sariling lakas lamang.

Pangatlong pagsubok: Kailangan ni Iska na magsanay kasama si Kenneth—isang binata na inutusan ni Apolaki upang sanayin ang pisikal na lakas ni Iska.

Kasama ang kaniyang kaibigang si Kiko, isang nuno, at sa tulong ng kaniyang kapangyarihan, hahanapin ni Iska ang kampana sa mundo ng Huklob.

Ang mundo ng Huklob ay mundo na kung saan nagtatago ang mga nilalang na ipinatapon mula sa Hiraya. Sila ang mga nilalang na pinarusahan dahil sa hindi pakikisama sa mga tao na nasa Hiwaga. Nag-aklas ang mga nasa Huklob dahil sa hindi makatarungang pagpaparusa sa kanila. Narito sa Huklob ang mga nilalang na ayaw magpasailalim sa mga taga-Hiraya at kay Bathala.

Nasa Huklob ang kampana. Kailangan lagpasan ni Iska ang mga pagsubok upang makuha ito. Kasama niya sina Kiko at Kenneth sa paghahanap ng kampana. Si Sinag, ang kaniyang ibon, ay kasama rin sa paglalakbay na ito. Sa Huklob niya haharapin sunod-sunod na nilalang. Ito ang mga sumusunod:



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 37 11/20/2024 8:05:47 AM

Kailangang sagutin ni Iska ang palaisipan na ibibigay ng Tikbalang. Ang Tikbalang ay magsisilbing metapora tungkol sa yaman ng bayan hinggil sa mga bugtong at palaisipan.

Susunod si Bungisngis. Si Bungisngis ay palatawa. Lahat ng dumadaan sa kaniya ay hindi na nakakaalis dahil gusto nilang makinig na lang sa kaniya. Makakarinig si Iska ng iba't ibang kuwento tungkol sa paborito niyang artista. Si Bungisngis ang metapora ng teknolohiya/entertainment. Ang sobrang pagkalulong rito ay magsasanhi ng pagkahinto sa isang lugar na walang pag-usad. Kailangan malagpasan ni Iska ang pagsubok na ito.

Isa ang Siyokoy sa mga nangangalaga sa mga laman-tubig sa Hinulugang Taktak. Habang tumatagal, lumilinis ito sa tulong ng mga nilalang na ito. Subalit, sa kabila ng lahat, may mga tao pa rin talagang nakatira malapit dito ang nagdadala ng dumi. Iniingatan ng Siyokoy ang pinangagalingan ng tunog ng kampana. Kailangang gamitin ni Iska ang pisikal na lakas upang mahabol ito. Gagamiting metapora ang Siyokoy sa mga natitirang taong may pakialam sa kalinisan at kalikasan subalit hindi nabibigyan ng sapat na boses.

Ang huli niyang makakaharap ay ang mga sigbin. Isa ito sa mga makakalaban ni Iska gamit ang kaniyang abilidad sa pakikipaglaban na natutunan kay Apolaki. Mananalo si Iska at madidiskubre ang kaniyang natatanging lakas.

Naibalik ni Iska ang kampana. Subalit nang dumating ang Bakunawa, hindi agad natalo ng tunog ng kampana ang nakakatakot na nilalang.

Naglaban sila. Dalawang beses siyang hindi nagtagumpay. Ngunit sa ikatlong pagkakataon, napatay ni Iska ang Bakunawa.

Matapos ang labanan, nagising si Iska mula sa mahabang pagkakatulog. Akala ng lahat, patay na siya subalit nagpakita sa kaniyang panaginip si Bathala. Pagkagising ni Iska, nakita niya ang lahat na nag-aalala sa kaniya.

Sa huling kabanata, ipinaliwanag ni Kenneth ang kasaysayan ng kanilang mundo. Subalit, hindi inaasahang may matandang babaeng pumunta sa kanilang bahay upang lasunin gamit ang isang nakakasulasok na amoy si Lola Da. Sinugod ang bahay nina Iska ng hindi malamang nilalang. Matatapos ang kuwento sa pag-alis muli ni Iska upang hanapin ang iba pang gaya niya na may angking lakas at kakayahan upang labanan si Sitan.

Dito magtatapos ang unang aklat. Sa ikalawang aklat, hahanapin ni Iska ang iba pang kabataang gaya niya—ang mga kabataang may kakayahan upang lumaban sa kampon ni Sitan.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 38 11/20/2024 8:05:47 AM

Sa pangatlong aklat, magsasanib-puwersa ang mga nilalang sa Huklob laban sa mga taga-Hiraya. Mamamagitan si Iska subalit walang kasunduang naganap. Sa huli, hahanapin ni Iska ang mga gaya niya upang magsanib-puwersa para maipagtanggol ang Hiraya.

## G. Ang Pagkatha ng Nobela

Sa pagkatha ko ng nobela, layon kong balikan ang mga kuwentong naisalaysay ni Lola Zenaida. Pagbabalik itong maituturing para sa akin dahil ang mga nawalang panahon na hindi ko na naipagpatuloy ang pagkukuwento nito. Ilalatag ko ang mga kuwentong ito gaya sa kung paano akong masigasig na nagsulat sa Wattpad noong 2012. Ibabalik ko ang mga tagpi-tagping kuwento at isasaayos ito base sa balangkas na naisulat ko na.

Mahalaga ang panitikang pangkabataan, mitolohiya, at pagsasalaysay muli. Sa mga naisalaysay nang kuwento noon, mahalagang isalaysay muli ito sa susunod pang henerasyon. Ang mga naratibo na nabubuo araw-araw ay ang bumubuo sa isang bansa. Naipakikilala ng mga naratibong ito ang mga paraan ng pamumuhay ng tao, ang kanilang emosyon, at ang kanilang pagharap sa iba pang pagsubok sa buhay. Ang pagsasalaysay ng ganitong danas ay mahalagang ipaalala o ipaalam pa sa mga kabataan. Ang mga kuwentong ito ay magpapaalala tungkol sa uri ng pansariling pagsubok na nalagpasan noon ng ating mga ninuno.

Gaya nga ni isinulat ni Rene O. Villanueva (2008), sa kaniyang sanaysay na "Pagsulat ng Kuwentong Pambata," magagamit ang kuwento at mga kauri nitong kuwentong-bayan bilang mapa ng sinaunang paraan ng pag-iisip ng ating mga ninuno o durungawan ng kasalukuyang Filipino sa kanilang katutubo at nakaraang kultura, pag-iisip, at paraan ng pamumuhay. Dahil sa kaalamang ito, may mga aral at kaalaman noon na siyang puwede ring gamitin hanggang ngayon.

Ang panitikang pangkabataan na isusulat ko sa proyektong ito ay isa ring pagtatangkang bumalik sa unang isinulat ko noon—ang pagsusulat ng nobela. Sa aking pagbabalik-loob sa pagsusulat ng nobela, dala ko na ang mga natutunan ko sa unibersidad. Isa sa mga mahahalagang natutunan ko ay ang pagpapahalaga sa pagsasalaysay muli sa mga kuwentong-bayan at ang pagpapanatili nito sa panitikan ng Pilipinas.

Kaya naman, ipakikilala ko ang mga piling tauhan mula sa mitolohiya ng Pilipinas at susubuking bigyan ng ibang personalidad ang mga ito.

Ang pagkakaroon ng kuwentong-bayan at tauhan mula sa mitolohiya ng Pilipinas ay mahalagang bahagi ng panitikan. Ayon kay Damiana L.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 39 11/20/2024 8:05:47 AM